MASA MASID

Mamamayang Ayaw Sa Anomalya
Mamamayang Ayaw Sa Iligal na Droga

PLEDGE OF COMMITMENT

Ako si _____ ng _____
(Pangalan) (Barangay)
ay buong pusong nanunumpa na lumahok at maki-isa sa programa ng MASA MASID o ang Mamamayang Ayaw sa Anomalya, Mamamayang Ayaw sa Iligal na Droga.

Ako'y **magmamasid** dahil nais kong siguraduhin ang tapat at payapang pamamalakad sa loob at labas ng aking tahanan. Bukod sa pagmamasid sa mga nagaganap sa aking paligid, mayroon din akong mga responsibilidad na dapat tugunan laban sa mga anomalya at iligal na droga, sapagkat kapahamakan lamang ang idudulot nito sa kapwa ko Pilipino.

Ako'y **makikilahok** sa pagsasabuhay at pagpapalakas ng bayanihan sa aking komunidad. Pangako ko na magbahagi ng isang matiwasay na pamayanan at ito'y makakamit sa pagbuo ng tiwala at kooperasyon sa aking mga kasapi sa komunidad.

Ako'y **makikialam** sapagkat nakasalalay sa aking mga kamay ang kinabukasan ng aking bansang Pilipinas. Ang kanyang kapakanan ay ang aking tunay na minimithi sapagkat dulot nito ay ang maunlad na pamumuhay ng lahat. Kinakailangang sugpuin ang mga anomalya at iligal na droga na sumisira sa sistema ng tao, ng pamilyang Pilipino at ng komunidad.

Lahat ng ito'y para sa maayos at epektibong pagpapatupad ng programang MASA MASID.

Nawa'y gabayan ako ng Poong Maykapal.

_____ _____
Pangalan at Lagda Petsa

Barangay: _____
Lungsod/Bayan: _____
Lalawigan: _____